

タガログ語
/Tagalog

Support Book sa Paggamit ng Pasilidad at Serbisyo sa
Childcare

-Para sa Dayuhan na mga Magulang at Guardian-

～外国人の保護者向け～

保育所・保育事業のご利用サポートブック



Abril 2021

Nabari City

令和3年4月 名張市



さっし いっばんざいだんほうじんじちたいこくさいかきょうかい じょせいじぎょう さくせい
この冊子は一般財団法人自治体国際化協会の助成事業により作成されています

目 次

| | |
|---------------------------------|----|
| 1. はじめに（サポートブックの目的とご利用方法） | 1 |
| 2. 保育する施設・サービスの概要 | 3 |
| 3. 保育所等の利用について | 7 |
| ポイント① 保育を必要とする事由 | 7 |
| ポイント② 保育所等の保育料 | 9 |
| ポイント③ 保育所等の利用手続き | 11 |
| ポイント④ 利用手続きに必要な書類 | 13 |
| 4. その他 | 15 |
| 育児休業明け予約について | 15 |
| 保育所等を利用する際には・・・ | 17 |

Mga Nilalaman

| | | |
|-----|---------------------------------------------------------------------------------|----|
| 1 . | Introduksiyon (Layunin ng Support Book na Ito at Kung Paano Ito Gagamitin)..... | 2 |
| 2 . | Sumaryo ng mga Pasilidad at Serbisyo sa Childcare | 4 |
| 3 . | Tungkol sa Paggamit ng mga Pasilidad sa Childcare, atbp. | 8 |
| | Point❶ Mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga | 8 |
| | Point❷ Mga Bayad sa mga Pasilidad sa Childcare, atbp. | 10 |
| | Point❸ Proseso ng Pag-aaplay sa Pasilidad sa Childcare, atbp. | 12 |
| | Point❹ Hinihiling na mga Dokumentong sa Pag-aaplay | 14 |
| 4. | Iba Pa..... | 16 |
| | Pagpapareserba ng Pagpapaalaga Pagkatapos ng Childcare Leave | 16 |
| | Mga Paalaala sa Panahon ng Paggamit ng mga Pasilidad sa Childcare | 18 |

1. はじめに（サポートブックの目的とご利用方法）

このサポートブックは、子どもをどうやって保育所に預けたらいいのか分からない、日本の保育の仕組みが分からないなど、主に保育施設や保育事業のご利用に悩みを抱えている外国人の保護者の皆様向けに作成したものです。

保育施設・事業の概要や、利用手続きなどを分かりやすくまとめています。

「仕事があるので小学校入学前の子どもを預けたいけど、どこで預かってもらえるのか分からない」

「手続きがよく分からない」

「どこに相談したらいいのか分からない」

「日本語に自信がなくて、窓口で説明を受けてもよく分からない」

...こんなときにご活用いただけます。

お子様の保育施設への入所や、保育事業のご利用手続きを少しでもサポートできれば幸いです。

1. Introduksiyon (Layunin ng Support Book na Ito at Kung Paano Ito Gagamitin)

Ang support book na ito ay ginawa para sa dayuhan na mga magulang at guardian na nahihirapan sa paggamit lalo na ng mga pasilidad at serbisyo sa childcare, gaya ng hindi alam kung paano magpaparehistro ng kanilang mga anak sa childcare center, at hindi lubusang naiintindihan ang sistema ng childcare sa Japan.

Nilalaman nito nang maliwanag ang sumaryo ng mga pasilidad at serbisyo sa childcare, mga proseso para sa paggamit, atbp.

"Gusto kong magpaalaga sa iba ng anak kong wala pa sa edad na makapasok sa elementary school dahil mayroon akong trabaho, pero hindi ko alam kung saan ako puwedeng magpaalaga."

"Hindi ko naiintindihan ang mga proseso."

"Hindi ko alam kung saan ako makakakonsulta tungkol dito."

"Hindi kasi ako marunong mag-Japanese, hindi ko maiintindihan kahit may magpapaliwanag sa akin sa counter."

... Sa ganitong mga sitwasyon, tiyak na malaki ang maitutulong sa inyo ng support book na ito.

Umaasa kami na makakasupporta kami sa inyo kahit kaunti sa pagpaparehistro sa anak ninyo sa mga pasilidad sa childcare at sa mga proseso sa paggamit ng serbisyo sa childcare.

2. 保育する施設・サービスの概要

家庭で保育できない保護者に代わって、小学校就学前の子どもの保育をする施設・サービスとして、「保育所」、「地域型保育」、「認定こども園」があります。このサポートブックでは、主にこの3つにおける保育のご利用を希望される場合の手続きなどをご紹介します。

※ 以下、この3つの施設・サービスをあわせて、「保育所等」と表現します。

保育所 0～5さい

就労などのため家庭で保育のできない保護者に代わって保育する施設

利用時間

夕方までの保育のほか、園により延長保育を実施。

利用できる保護者

共働き世帯、親族の介護などの事情で、家庭で保育のできない保護者 (P7 参照)。

地域型保育 0～2さい

保育所(原則 20 人以上)より少人数の単位で、0～2歳の子どもの保育する事業

利用時間

夕方までの保育のほか、園により延長保育を実施。

利用できる保護者

共働き世帯、親族の介護などの事情で、家庭で保育のできない保護者(P7 参照)。

① 家庭的保育 (保育ママ)

家庭的な雰囲気のもとで、少人数(定員5人以下)を対象にきめ細かな保育を行います。

② 小規模保育

少人数(定員6～19人)を対象に、家庭的保育に近い雰囲気のもと、きめ細かな保育を行います。

③ 事業所内保育

会社内の保育施設などで、従業員の子どもと地域の子どもを一緒に保育します。

2. Sumaryo ng mga Pasilidad at Serbisyo sa Childcare

Mayroong "childcare center", "municipal-level na serbisyo sa childcare", at "certified child center" bilang pasilidad at serbisyo kung saan paalagaan ang mga bata na wala pa sa edad na makapasok sa elementary school para sa mga magulang at guardian na hindi puwedeng mag-alaga sa kanila sa tahanan nila.

* **Sa ibaba, tatawaging "Pasilidad sa childcare, atbp." ang 3 pasilidad at serbisyong ito nang magkakasama.**

Childcare Center (0~5 anyos)

Pasilidad kung saan paalagaan ang mga bata para sa mga magulang at guardian na hindi puwedeng mag-alaga sa kanila sa tahanan nila dahil sa trabaho, atbp.

Oras na magagamit: Hanggang sa gabi, at gagawain din ang pag-aalaga sa pinapahabang oras depende sa pasilidad.

Mga magulang at guardian na kuwalipikado: Mga magulang at guardian na hindi puwedeng mag-alaga sa kanilang anak sa tahanan nila dahil ang mga magulang ay parehong nagtatrabaho, inaalagaan nila ang mga kamag-anak, atbp. (Tingnan ang pahina 8.)

Municipal-level na serbisyo sa childcare (0~2 anyos)

Serbisyong mag-alaga sa mga bata sa 0~2 anyos sa mas maliit na grupo kaysa sa pasilidad sa childcare (kadalasan, 20 bata o higit pa sa isang grupo)

Oras na magagamit: Hanggang sa gabi, at ginagawa din ang pinapahabang pag-aalaga depende sa pasilidad.

Mga magulang at guardian na kuwalipikado: Mga magulang at guardian na hindi puwedeng mag-alaga sa kanilang anak sa tahanan nila dahil ang mga magulang ay parehong nagtatrabaho, inaalagaan nila ang mga kamag-anak, atbp. (Tingnan ang pahina 8.)

| | |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>① Pag-aalaga na parang nasa pamilya</p> <p>Gagawin ang mas atentibong pag-aalaga para sa kaunting bata (5 bata o mas kaunti) sa kalagayan na parang nasa pamilya.</p> | <p>② Pag-aalaga sa maliit na antas</p> <p>Gagawin ang mas atentibong pag-aalaga para sa kaunting bata (6~19 bata) sa kalagayan na malapit sa pamilya.</p> |
| <p>③ Pag-aalaga sa loob ng Opisina</p> <p>Gagawin ang pag-aalaga nang magkakasama sa mga anak ng mga employee at mga bata sa komunidad sa pasilidad sa childcare, atbp. sa loob ng opisina.</p> | |

認定こども園 0～5さい

幼稚園と保育所の機能や特長をあわせ持ち、地域の子育て支援も行う施設

<0～2さい>

利用時間

夕方までの保育のほか、園により延長保育を実施。

利用できる保護者

共働き世帯、親族の介護などの事情で、家庭で保育のできない保護者。(P7 参照)

<3～5さい>

利用時間

昼過ぎごろまでの教育時間に加え、保育を必要とする場合は夕方までの保育を実施。園により延長保育も実施。

利用できる保護者

- 保育を希望する場合：共働き世帯、親族の介護などの事情で、家庭で保育のできない保護者。(P7 参照)
- 教育を希望する場合：制限なし

(参考：幼児期の教育を行う施設)

保育所等のほか、幼児期の教育を行う施設として「幼稚園」があります。また、「認定こども園」でも幼児期の教育を行います。

幼稚園や、「保育を必要とする事由 (P7 参照)」に該当しない方が認定こども園への入園をご希望される場合は各施設へご確認ください。

幼稚園 3～5さい

小学校以降の教育の基礎をつくるための幼児期の教育を行う学校

利用時間

昼過ぎごろまでの教育時間を行う。(園により午後や土曜日、夏休みなどの長期休業中の預かり保育などを実施。)

利用できる保護者

制限なし。

Certified child center (0~5 anyos)

Pasilidad na may kapuwa mga function at katangian ng kindergarten at childcare center, na gumagawa din ng pagsuporta sa pagpapalaki sa komunidad.

<0~2 anyos>

Oras na magagamit: Hanggang sa gabi, at ginagawa din ang pinapahabang pag-aalaga depende sa pasilidad.

Mga magulang at guardian na kuwalipikado

Mga magulang at guardian na hindi puwedeng mag-alaga sa kanilang anak sa tahanan nila dahil ang mga magulang ay parehong nagtatrabaho, inaalagaan nila ang mga kamag-anak, atbp. (Tingnan ang pahina 8.)

<3~5 anyos>

Oras na magagamit

Bukod sa oras para sa edukasyon na hanggang sa katapusan ng oras ng tanghalian, gagawin ang pag-aalaga hanggang sa gabi depende sa pangangailangan. Gagawin din ang pag-aalaga sa pinapahabang oras depende sa pasilidad.

Mga magulang at guardian na kuwalipikado

- Para sa pagpaparehistro sa childcare: Mga magulang at guardian na hindi puwedeng mag-alaga sa kanilang anak sa tahanan nila dahil ang mga magulang ay parehong nagtatrabaho, inaalagaan nila ang mga kamag-anak, atbp. (Tingnan ang pahina 8.)
- Para sa pagpaparehistro sa edukasyon: Walang restriksiyon

(Karagdagang impormasyon: Mga pasilidad na naglalaan ng edukasyon sa panahon ng pagiging sanggol)

Mayroong "kindergarten" bilang pasilidad na gumagawa ng edukasyon sa panahon ng pagiging sanggol, bukod pa sa pasilidad sa childcare, atbp. At, ginagawa din sa "certified child center" ang paglalaan ng edukasyon sa panahon ng pagiging sanggol.

Kung gusto ninyong ipasok ang inyong mga anak sa kindergarten, o kung hindi kayo kuwalipikado sa "dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga (tingnan ang P.8)" pero gusto ninyong ipasok ang inyong mga anak sa certified child center, pakisuyong tiyakin iyon sa bawat pasilidad.

Kindergarten (3~5 anyos)

Eskuwela na naglalaan ng edukasyon sa panahon ng pagiging sanggol para gawin ang pundasyon para sa pagtanggap ng edukasyon mula elementary school

Oras na magagamit

Ilalaan ang edukasyon hanggang sa katapusan ng oras ng tanghalian. (Ginagawa sa ilang center ang pag-aalaga sa hapon, Sabado, at sa mahabang bakasyon gaya ng summer vacation.)

Mga magulang at guardian na kuwalipikado: Walang restriksiyon.

3. 保育所等の利用について

子どもの保育のために、「保育所」、「地域型保育」、「認定こども園」を利用するためのポイントをご紹介します。

ポイント● 保育を必要とする事由

以下の「保育を必要とする事由」のいずれかに該当することが必要です。

保育を必要とする事由

- 就労（フルタイムのほか、パートタイム、夜間、居宅内の労働など、月13日以上かつ
48時間以上の労働をしていること）
- 妊娠、出産
- 保護者の疾病、障害
- 同居又は長期入院等している親族の介護・看護
- 災害復旧
- 求職活動（起業準備を含む）
- 就学（職業訓練校等における職業訓練を含む）
- 虐待やDVのおそれがあること
- その他、上記に類する状態として市長が認める場合

※ 利用可能時間（最長11時間）は、各施設によって異なります。また、家庭ごとの「保育を必要とする事由」の内容によっても異なります。詳細は、保育幼稚園室にご確認ください。

3. Tungkol sa Paggamit ng mga Pasilidad sa childcare, atbp.

Para sa pag-aalaga sa mga anak, mayroong ilang mahahalagang bagay sa paggamit ng childcare center, municipal-level na serbisyo sa childcare, at certified child center

Point 1 Mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga

Para magparehistro, kailangan ninyong maging kuwalipikado sa alinman sa "Mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga" sa ibaba.

Mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga

- Pagtatrabaho (full-time na nagtatrabaho, o nagtatrabaho nang 13 araw o higit pa at saka 48 oras o higit pa sa loob ng isang buwan sa part-time, sa gabi, o sa loob ng bahay)
- Pagbubuntis at panganganak
- Pagkakasakit at pagkakaroon ng kapansanan ng mga magulang o guardian
- Pag-aalaga sa mga kamag-anak na nakatira sa parehong bahay o naoospital nang mahabang panahon
- Pagbabalik pagkatapos ng kalamidad
- Paghahanap ng trabaho (kasali dito ang paghahanda para magsimula ng negosyo)
- Pag-aaral (kasali dito ang pagtanggap ng pagsasanay sa trabaho sa vocational school, atbp.)
- Panganib ng pag-aabuso o pananakit ng kapamilya
- Iba pang dahilan na itinuring na ng mayor ng lunsod na nasa katulad na kalagayan ng mga nabanggit sa itaas

* Ang oras na magagamit (11 oras bilang pinakamahaba) ay naiiba depende sa pasilidad. Naiiba din iyon depende sa "mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga" ng bawat pamilya. Pakisuyong tiyakin ang detalye sa Childcare/Kindergarten Room.

ポイント● 保育所等の保育料

① 保育料は保護者の所得（住民税所得割課税等）を基に算出されます。

※ 幼児教育・保育の無償化により満3歳～5歳児の保育料は無償となります。

0歳児～2歳児までの住民税非課税世帯の子どもも保育料が無償となります。

※ 施設によっては基本となる保育料のほか、送迎のバス代などの実費負担や、各施設が独自に質の向上を図る上で必要となる追加の負担額が生じる場合があります。

② 多子世帯やひとり親世帯等については、保育料や副食費の負担軽減があります。

※きょうだいで保育施設を利用する場合、最年長児から順に2人目半額、3人目以降は無料です。

※名張市子ども3人目プロジェクトにより、保護者が扶養している高校卒業まで（18歳に達する日以降最初の3月31日まで）の子どもの内、3番目以降の子どもが保育を利用する場合に、保育料及び副食費（おかず代）は無料となります。

③ 生活保護世帯や、ひとり親世帯等で市町村民税非課税世帯の場合は、第1子から無料です。

※ 保育料は国が定める上限額の範囲内で、それぞれの市町村が定めますので、詳細は保育幼稚園室にご確認ください。

Point 2 Mga Bayad sa mga Pasilidad sa Childcare, atbp.

① **Kukuwentahin ang mga bayad sa pagpapaalaga batay sa kita na binawasan ng kinakailangang gastos (resident tax batay sa kita na binawasan ng kinakailangang gastos, atbp.) ng mga magulang at guardian.**

※ Walang bayad sa pagpapaalaga para sa mga batang 3~5 anyos dahil ginawang walang bayad ang paglalaan ng edukasyon at pagpapaalaga sa panahon ng pagiging sanggol.

Walang bayad sa pagpapaalaga para sa mga batang 0~2 anyos, na nasa sambahayan na hindi sinisingil ng resident tax.

※ Depende sa pasilidad, bukod pa sa saligang halaga sa pagpapaalaga, maaaring singilin sa mga magulang at guardian ang bayad para sunduin at ihatid ang mga bata sa shuttle bus, at ang karagdagang bayad na kailangan para pasulungin ang kalidad ng serbisyo ng bawat pasilidad.

② **Para sa mga sambahayan na may maraming anak o ng nagsosolong magulang, maaaring bawasan ang halaga ng bayad sa pagpapaalaga at pangalawahing pagkain.**

※ Kung gagamitin ang pasilidad sa childcare bilang magkakapatid, ang bayad sa mga ito para sa pangalawang anak mula sa panganay ay magiging kalahati, at magiging libre naman para sa mga anak mula sa pangatlo.


※ Dahil sa "Proyekto ng Pangatlong Anak ng Nabari City", magiging libre ang bayad sa pagpapaalaga at pangalawahing pagkain (bayad sa ulam) para sa mga anak mula sa pangatlo na pinapaalagaan sa serbisyo ng childcare, sa mga anak na inaalagaan ng mga magulang at guardian hanggang sa pagtatapos ng senior high school (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng petsa kung kailan siya ay maging 18 anyos).

③ **Libre ang bayad sa mga ito sa sambahayan na tumatanggap ng sustento mula sa gobyerno at sambahayan na may nagsosolong magulang, atbp. na eksemted sa buwis sa munisipyo.**

* Ang bayad sa childcare ay itatakda ng bawat munisipyo sa loob ng hangganan na itatakda ng gobyerno. Kaya, pakisuyong tiyakin sa Childcare/Kindergarten Room tungkol sa detalye.

ポイント● 保育所等の利用手続き

子どもの保育のために、「保育所」、「地域型保育」、「認定こども園」をご利用になる場合の手続きは、以下のとおりです。



重要 まずは、希望する施設の募集期間の確認を！

利用手続きを行うには、必要書類の準備なども必要ですので、早めに保育幼稚園室へ相談し、計画的に準備を進めましょう。

定員に空きがあれば入所は可能ですが、一般的に4月に入所する子どもが最も多く、大半の定員が埋まります。4月からの希望者の応募受付は、前年の10月前後から開始されます。

※ 期間内に応募しても、希望者数が定員を超過した場合は、入所できない場合があります。

【補足1：認定について（「①認定申請」、「④認定証の交付」関係）】

保育所等の利用を希望する場合には、お住まいの市町村の「認定」を受ける必要があります。子どもの年齢と保育の必要性の有無によって、3つの区分に認定され、区分によって利用できる施設が異なります。「保育を必要とする事由」に該当した場合、「2号認定」か「3号認定」のどちらかとなります。

| 認定区分 | 対象者 | 対象施設 |
|------|------------------------------------------|------------------|
| 1号認定 | 保育を必要とする事由に該当せず、子どもが3歳から5歳である。(教育を希望する方) | 幼稚園、認定こども園 |
| 2号認定 | 保育を必要とする事由に該当し、子どもが3歳から5歳である。(保育を希望する方) | 保育所、認定こども園 |
| 3号認定 | 保育を必要とする事由に該当し、子どもが0歳から2歳である。(保育を希望する方) | 保育所、認定こども園、地域型保育 |


【補足2：「③利用調整」について】

市町村が定める基準に基づき、保護者の状況などに応じ保育の必要性などから優先順位をつけ、利用する施設などの調整を行うことです。ひとり親家庭、生活保護世帯、生計中心者の失業、お子さんに障害がある場合などには、保育の優先的な利用が必要と判断される場合があります。

※ 利用手続きの詳細については、保育幼稚園室にご確認ください。

Point 3 Proseso ng Pag-aaplay sa Pasilidad sa Childcare, atbp.

Kung gagamitin ninyo ang "childcare center", "municipal-level na serbisyo sa childcare", at "certified child center" para sa pagpapaalaga sa mga anak, ayon sa sumusunod ang proseso.



Mahalaga: Tiyakin muna ang panahon ng pag-aaplay sa pasilidad na gusto ninyong gamitin!

Kailangan din ng paghahanda sa hinihiling na mga dokumento para sa pag-aaplay. Kaya, maagang kumonsulta sa Childcare/Kindergarten Room at maghanda kasama ng mabuting pagplano.

Bagaman puwede kayong pumasok sa pasilidad kung may bakante, ang pinakamaraming bilang ng mga bata ay kadalasang pumapasok sa mga pasilidad sa Abril at mapupuno ang bakante.

Magsisimula sa mga Oktubre ng naunang taon ang pag-aaplay ng mga gustong magparehistro mula Abril.

※ Kahit mag-aaplay kayo sa loob ng panahon ng pag-aaplay, hindi kayo puwedeng magparehistro kapag lampas na sa itinakdang bilang ang bilang ng gustong magparehistro.

[Karagdagang impormasyon 1: Tungkol sa Sertipikasyon ("1 Pag-aaplay sa Sertipikasyon", "4 Pag-iisyu ng Sertipikasyon")]

Para mag-aplay sa pasilidad sa childcare, atbp., kailangan ninyong tumanggap ng "sertipikasyon" na i-iisyu ng munisipyo na inyong tinitirahan. Ang sertipikasyon ay may tatlong kategorya depende sa edad ng mga anak at sa kung may pangangailangan ng pagpapaalaga o wala, at maiiba ang pasilidad na magagamit depende sa kategorya. Kapag kuwalipikado kayo sa "mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga", bibigyan kayo ng "Sertipikasyon ng Kategorya 2" o "Sertipikasyon ng Kategorya 3".

| Kategorya ng Sertipikasyon | Kung Sino ang Kuwalipikado | Pasilidad na Magagamit |
|-------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------|
| Sertipikasyon ng Kategorya 1 | Hindi siya kuwalipikado sa mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga, at ang anak niya ay 3-5 anyos (gustong tumanggap ng edukasyon para sa anak) | Kindergarten, certified child center |
| Sertipikasyon ng Kategorya 2 | Kuwalipikado siya sa mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga, at ang anak niya ay 3-5 anyos (gustong magpaalaga) | Childcare center, certified child center |
| Sertipikasyon ng Kategorya 3 | Kuwalipikado siya sa mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapaalaga, at ang anak niya ay 0-2 anyos (gustong magpaalaga) | Childcare center, certified child center, municipal-level na serbisyo sa childcare |

[Karagdagang impormasyon 2: Tungkol sa 3 Pagbabago sa Paggamit]

Tumutukoy ito sa pagtatakda ng prioridad sa mga aplikante batay sa pangangailangan ng pagpapaalaga na ayon sa kalagayan ng mga magulang at guardian, salig sa pamantayan na itinakda ng munisipyo, at saka sa pagbabago ng mga pasilidad na ipapagamit. Sa kaso ng sambahayan na may nag-sosolong magulang, tumatanggap ng sustento mula sa gobyerno, pagkawala ng trabaho ng nag-aalaga sa pamilya, pagkakaroon ng kapansanan sa mga anak, atbp., maaaring ipasiya na may higit na pangangailangan ng pagpapaalaga.

※ **Tungkol sa detalye ng mga proseso sa paggamit, pakisuyong kontakin ang Childcare/Kindergarten Room.**

ポイント④ 利用手続きに必要な書類

保育所等の利用手続きのために必要な書類があります。なかには、準備に相当の期間が必要な書類もありますので、早めに準備をはじめましょう。

必要書類の例

| チェック | 必要書類 | 備考（入手先・入手までの期間など） |
|----------------------------|-----------------------------------------------|---------------------------------------------------|
| <input type="checkbox"/> | 教育・保育利用申込書兼家庭状況確認書 施設型給付費・地域型保育給付費等支給認定申請書 | 保育幼稚園室窓口で入手 |
| <input type="checkbox"/> | 家庭状況届書 | 保育幼稚園室窓口又は HP で入手 |
| <input type="checkbox"/> | 家庭票 | 保育幼稚園室窓口又は HP で入手 |
| <input type="checkbox"/> | 保育料口座振替・自動振込利用申請書 | 保育幼稚園室窓口又は HP で入手 |
| <input type="checkbox"/> | 個人番号確認票(マイナンバー提出用紙) | 保育幼稚園室窓口又は HP で入手 |
| <input type="checkbox"/> | 個人番号確認票(マイナンバー提出用紙)提出用封筒 | 保育幼稚園室窓口で入手 |
| (保育を必要とする理由を確認する書類) | | |
| <input type="checkbox"/> | <就労を理由に申込み場合> 就労証明書 | ・保育幼稚園室又は HP で入手 ・就労先が記入 |
| <input type="checkbox"/> | <母親の産前産後を理由に申込み場合> 母子手帳の写し | — |
| <input type="checkbox"/> | <保護者や同居家族の病気を理由に申込み場合> 医師の診断書、身体障害者手帳などの写し | ・市の指定の診断書を医療機関に申請 ・入手には相当の期間が必要 (各医療機関に要確認) |
| <input type="checkbox"/> | <求職活動を理由に申込み場合> 確約書 | ・保育幼稚園室窓口又は HP で入手 |
| <input type="checkbox"/> | <災害により家屋が被災したことを理由に申込み場合> 罹災証明書 | ・保育幼稚園室で入手 ・相当の期間を要する |
| <input type="checkbox"/> | <日中に就学していることを理由に申込み場合> 在学証明書、学生証など | ・就学先で入手 |

Point 4 Hinihiling na mga Dokumento sa Pag-aaplay

May ilang hinihiling na mga dokumento para sa pag-aaplay sa pasilidad sa childcare, atbp. Mayroon ding ilang dokumento na kailangan ng mahabang panahon sa paghahanda, pakisuyong maagang magsimula ng inyong paghahanda.

Sample ng Hinihiling na mga Dokumento

| I-check | Hinihiling na Dokumento | Impormasyon *(Kung saan makukuha ang dokumento, gaano kahabang panahon para makuha iyon, atbp.) |
|----------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <input type="checkbox"/> | Application sa edukasyon/childcare at pagtiyak sa kalagayan ng sambahayan Application sa sertipikasyon para mabayaran ang benepisyo para sa edukasyon/childcare | Makukuha sa counter ng Childcare/Kindergarten Room |
| <input type="checkbox"/> | Ulat ng kalagayan ng pamilya | Makukuha sa counter ng Childcare/Kindergarten Room o sa website |
| <input type="checkbox"/> | Mga tanong tungkol sa pamumuhay at kalusugan ng anak | Makukuha sa counter ng Childcare/Kindergarten Room o sa website |
| <input type="checkbox"/> | Application sa account/automatic transfer ng bayad sa childcare | Makukuha sa counter ng Childcare/Kindergarten Room o sa website |
| <input type="checkbox"/> | Confirmation slip ng Individual Number (Dokumento para isumite ang My Number) | Makukuha sa counter ng Childcare/Kindergarten Room o sa website |
| <input type="checkbox"/> | Sobre para isumite ang Confirmation slip ng Individual Number (Dokumento para isumite ang My Number) | Makukuha sa counter ng Childcare/Kindergarten Room |
| (Mga dokumento para tiyakin ang mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagpapalaga) | | |
| <input type="checkbox"/> | (Kung mag-aaplay dahil sa pagtatrabaho) Sertipiko sa pag-eempleyo | <ul style="list-style-type: none"> • Makukuha sa Childcare/Kindergarten Room o sa website • Dapat punan ito ng inyong employer |
| <input type="checkbox"/> | (Kung mag-aaplay dahil bago at pagkatapos ng panganganak ng nanay) Kopya ng Maternal and Child Health Handbook | — |
| <input type="checkbox"/> | (Kung mag-aaplay dahil sa pagkakasakit ng magulang at guardian o ibang kapamilya na magkasamang nakatira) Kopya ng sertipiko sa medikal na ginawa ng doktor, sertipiko ng may kapansanan, atbp. | <ul style="list-style-type: none"> • Humingi sa medikal na institusyon ng sertipiko sa medikal na itinakda ng munisipyo • Kailangan ng mahabang panahon hanggang sa makuha ito (Dapat tiyakin sa bawat medikal na institusyon) |
| <input type="checkbox"/> | (Kung mag-aaplay dahil sa paghahanap ng trabaho) Dokumentong kumpirmasyon na naghahanap ng trabaho | • Makukuha sa Childcare/Kindergarten Room o sa website |
| <input type="checkbox"/> | (Kung mag-aaplay dahil napinsala ng sakuna ang bahay) Sertipiko ng pagiging biktima ng sakuna | <ul style="list-style-type: none"> • Makukuha sa Childcare/Kindergarten Room • Kailangan ng mahabang panahon hanggang sa makuha ito |
| <input type="checkbox"/> | (Kung mag-aaplay dahil nag-aaral sa eskuwela sa daytime) Sertipiko ng pag-aaral sa eskuwela, Student ID, atbp. | • Makukuha sa inyong eskuwela |

4. その他

育児休業明け予約について

出産後に育児・介護休業法に定める育児休業を取得し、育児休業明けも同じ職場に復帰する方で、育児休業給付金（または短期給付金＜育休手当＞）の支給がある方は、育児休業明けの保育利用を予約することができます。

- 申し込み時点で名張市に住民登録がない場合は申し込めません。
- 申請時に出産前でも予約申し込みはできます。

※ 予約手続きの詳細については、保育幼稚園室にご確認ください。

4. Iba Pa

Pagpapareserba ng Pagpapaalaga Pagkatapos ng Childcare Leave

Para sa mga taong kumuha ng childcare leave na itinakda sa Child Care and Family Care Leave Law pagkatapos ng panganganak, at babalik sa parehong lugar ng trabaho pagkatapos ng childcare leave, at kung binibigyan sila ng benepisyo sa childcare leave (o benepisyo sa maikling panahon <childcare leave allowance>), puwede silang magpapareserba ng pagpapaalaga pagkatapos ng childcare leave.

- oHindi puwedeng mag-aplay dito ang taong hindi nagparehistro sa Nabari City sa panahon ng pag-aaplay.
- oPuwedeng magpapareserba kahit bago pa ng panganganak sa panahon ng pag-aaplay.

✘ Tungkol sa detalye ng mga proseso sa pagpapareserba, pakisuyong kontakin ang Childcare/Kindergarten Room.

保育所等を利用するには・・・

○利用可能日時

利用できる日は原則として月曜日から土曜日ですが、休日に利用できる施設もあります。開所時間や年末年始の休業日等は施設によって異なります。また、認定された保育必要量に応じて、保育所を利用できる時間が異なりますので、申込の際には、必ずこれらの情報を確認してください。

○送り迎え

子どもの安全のため、保護者もしくはそれに代わる方が送迎をしてください。保護者以外の方が送迎する場合は事前に保育所への連絡が必要です。また、送迎の時間が変わる場合も、その都度連絡が必要です。

○休みや遅れるときの連絡

病気や幼児で保育所を休む時や遅れるときは、保育所に必ず連絡を入れてください。施設によって連絡を入れる時間が決まっていることがありますので、注意してください。

○緊急時の事

特別警報や暴風警報が発令中は、保育所は臨時休業となります。施設によって、休みになる条件が違う場合がありますので、施設に確認してください。また、保育時間中に災害が発生した場合は、施設の近くに避難することがあります。避難場所も確認してください。

Mga Paalaala sa Panahon ng Paggamit ng mga Pasilidad sa Childcare

○Oras Kung Kailan Magagamit

Kadalasan, magagamit ang mga pasilidad sa Lunes hanggang Sabado, pero mayroon ding mga pasilidad na magagamit sa mga pista opisyal. Iba't iba ang oras ng pagbukas, mga araw kung kailan sarado gaya ng katapusan at pasimula ng taon, atbp. depende sa pasilidad. At, dahil iba't iba din ang oras na makakagamit ng pasilidad sa childcare depende sa inaprobahang dami ng pagpapaalaga na kailangan, pakisuyong siguraduhing tiyakin ang impormasyon sa mga ito sa panahon ng pag-aaplay.

○Paghahatid at pagsundo

Para sa kaligtasan ng mga bata, dapat sunduin at ihatid sila ng mga magulang at guardian, o ang taong kapalit sa kanila. Kailangan ng patiunang pagpapaalam sa pasilidad sa childcare kung ihahatid at susunduin sila ng taong hindi magulang at guardian. Kailangan din ng patiunang pagpapaalam sa bawat pagkakataon na magbago ang oras ng paghahatid at pagsundo.

○Pagkontak sa panahon na aabsent o mahuhuli

Kung aabsent o mahuhuli ang inyong anak dahil sa pagkakasakit o sa ibang kadahilanan, siguraduhing ipaalam iyon sa pasilidad sa childcare. Pakisuyong mag-ingat dahil maaaring may itinakdang oras para sa pagkontak depende sa pasilidad.

○Sa emerhensiyang kalagayan

Habang inilalabas ang espesyal na babala at babala ng bagyo, magsasara ang pasilidad sa childcare. Maaaring iba't iba ang kundisyon ng pagsasara depende sa pasilidad, pakisuyong tiyakin iyon. At, kapag nangyari ang sakuna sa panahon ng pagpapaalaga, maaaring lumikas sa ibang lugar malapit sa pasilidad. Kaya, pakisuyo ding tiyakin ang evacuation site.

○一日の生活


登所



午前の活動・あそび



昼食



昼寝



降所

午後の活動・あそび



おやつ

(※保育所での過ごし方は、年齢、施設により異なります。)



oMga gawain sa bawat araw

Papasok sa pasilidad sa childcare

Mga gawain sa umaga at paglalaro



Tanghalian



Nap



Snacks

Uuwi sa bahay

Mga gawain sa hapon at paglalaro

(*Iba't iba ang mga gawain sa pasilidad sa childcare depende sa edad ng bata at pasilidad.)

○給食・おやつ

給食と午後のおやつは全員に提供されます。乳児クラス（0～2歳児）については、午前のおやつも提供されます。

幼児クラス(3～5歳児)は、給食費(主食【給食の米・パン・麺など】の代金+副食【給食のおかず】の代金が必要です。(料金は施設により異なります。)

○子どもの健康

子どもは、抵抗力が未熟なため、感染症などの病気にかかりやすく、体調が十分に回復していない状態で保育所に行くと、再び体調が悪化することもあります。感染症にかかった時は、全身の状態が回復し、問題なく集団生活が送れるようになるまでお休みしてください。施設によっては保育所に行くために医師の意見書は必要になることがあります。

前日や当時の朝の子どもの健康状態で気になる様子があるときは、かならず保育士にお知らせください。

また、保育所で熱が出るなど、健康状態に変化があれば、お迎えをお願いすることがあります。

○Tanghalian at meryenda

Ilalaan sa lahat ang tanghalian at meryenda sa hapon. Ang snacks sa umaga ay ilalaan din sa mga batang 0-2 anyos.

Para sa mga batang 3-5 anyos, kailangan ninyong magbayad para sa tanghalian (pangunahing pagkain gaya ng kanin, tinapay, noodle at sa pangalawahing pagkain gaya ng ulam). (Iba't iba ang bayad depende sa pasilidad.)

○Kalusugan ng mga bata

Madaling magkasakit ang mga bata mula sa nakakahawang mga sakit dahil hindi pa buo ang immune system. Kung papasok sila sa pasilidad sa childcare na hindi pa sila lubusang gumaling, maaaring lumala muli ang kanilang kalusugan. Kapag nahawaan ang inyong anak ng nakakahawang sakit, pakisuyong huwag magpapasok ng inyong anak hanggang sa sila ay ganap na gumaling at puwedeng makihalubilo sa iba nang walang anumang problema. Depende sa pasilidad, maaaring kakailanganin ang liham mula sa doktor para makapasok sila muli sa pasilidad sa childcare.

Kapag may napansin sa kalagayan ng kalusugan ng inyong anak sa nakaraang araw o sa umaga ng mismong araw ng pagpasok, pakisuyong siguraduhing ipaalam iyon sa guro. At, kapag may lagnat ang inyong anak sa pasilidad sa childcare, o may ibang sintomas ng pagkakasakit, maaari kayong pakisuyuan na sunduin siya.

○持ち物

すべての持ち物に、必ず名前を書いてください。

| | | | |
|-------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------|
|  |  |  |  |
| 手拭きタオル | コップ | コップふくろ | 歯ブラシ |
|  |  |  |  |
| 帽子 | カバン | 箸・箸箱 | お弁当（ご飯だけ） |
|  |  |  |  |
| 着がえ | パンツ | オムツ・紙パンツ | おしりふき |
|  |  |  |  |
| 汚れ物入れ | エプロン | おしぼり用タオル | 上靴 |
|  |  |  | |
| 上靴ふくろ | 布団 | パジャマ | |

※持ち物は、年齢、施設により異なります。

oMga bagay na dadalhin

Siguraduhing isulat ang pangalan ng inyong anak sa lahat ng mga bagay na dadalhin.

| | | | |
|-------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------|
|  |  |  |  |
| Hand towel | Cup | Bag para sa cup | Toothbrush |
|  |  |  |  |
| Sombrero | Bag | Chopsticks at lalagyan | Baon (kanin lang) |
|  |  |  |  |
| Ekstrang damit | Underwear | Disposable na mga diaper/pull-up | Baby wipes |
|  |  |  |  |
| Lalagyan ng mga lalabhan | Apron | Towel na pampunas sa kamay (oshibori) | Sapatos sa loob ng pasilidad |
|  |  |  | |
| Bag para sa sapatos sa loob ng pasilidad | Higaan | Damit pantulog | |

*Iba't iba ang mga bagay na dadalhin depende sa edad ng bata at pasilidad.

Notes

A large, empty rounded rectangular box with an orange border, intended for taking notes. The box is centered on the page and occupies most of the vertical space below the 'Notes' header.